

Bakuna sa Covid-19

Mga katha at mga katotohanan

Ang pag-babakuna ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang maiwasan ang pagkalat at mabawasan ang epekto ng mga virus tulad ng dulot ng COVID-19.

Bago gamitin ang anumang bakuna sa Canada, ito ay sinusuri upang matiyak na ang mga ito ay ligtas at epektibo.

Maraming mga nakakalitong impormasyon na maaari mong marinig at mabasa tungkol sa bakuna at napaka-halagang kumuha ka ng iyong impormasyon nagmula sa mga napapagkatiwalaan.

Ang mga totoong kaalaman ay mula sa Public Health Agency ng Canada, Public Health Ontario at sa World Health Organization.

Katha:

Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi ligtas dahil ito ay mabilis na nilikha.

Katotohanan:

Ang virus na COVID-19 ay hindi ganap na bago at tulad ng mga kaparehong virus ng SARS at MERS CoV na pinag-aralan nang mabuti.

Ang mga bakuna ay dumaaan sa mahigpit na pagsusuri o pag-aaral at nakamit ang mga kailangan para sa pag-apruba ng mga bakuna na ginagamit sa buong mundo.

Kasama dito, ang mga bakuna ay sinubukan sa mga boluntaryo mula sa iba't ibang pinagmulan at lahi.

Ang paglikha ng bakuna sa COVID-19 ay pinondohan ng maraming bansa at inaprubahan ng mga eksperto sa kalusugan mula ibat-ibang bansa sa buong mundo.

Katha:

Ang aking DNA ay maaring baguhin ng bakuna sa COVID 19.

Katotohanan:

Ilang bakuna sa COVID- 19 ay gawa sa mRNA, na isang pangkatawang *genetic*. Ang MRNA sa mga bakuna na ito ay hindi kailanman makakapasok sa pinaka-gitnang bahagi ng *cell*, na kinalalagyan ng ating DNA.

Samakatuwid ang MRNA sa mga bakunang ito ay hindi makaka-apekto sa iyong DNA.

Katha:

Ang bakuna sa COVID-19 ay may malubhang epekto at mapanganib para sa iyong kalusugan

Katotohanan:

Maaaring may panandalian at katamtamang reaksiyon, tulad ng katamtamang lagnat, pananakit ng braso at sakit ng ulo na mawawala din na walang kumplikasyon. Ang mga dalubhasa sa kalusugan ay patuloy na sinusubaybayan ang mga reaksiyong na ito.

Ang mga katamtamang reaksiyon na ito ay pangkaraniwan lamang; ang mga reaksiyon na ito ay nangangahulugan na ang bakuna ay gumagana sa iyong katawan.

Mga malubhang reaksiyon tulad ng *allergy* ay bihira.

Mananatili sa loob ng 15 hanggang 30 minuto pagkatapos mabakunahan upang ikaw ay masubaybayan at mabigyan ng lunas kung kinakailangan ng mga kawaning medikal.

Katha:

Maaari akong mamatay sa pagpapabakuna ng para sa COVID-19

Katotohanan:

Wala pang nanamatay dahil sa direktang bunga ng bakunan sa COVID-19.

Katha:

May pangmatagalang epekto ang bakuna sa COVID-19

Katotohanan:

Sa kasalukyan, sa mga pag-aaral wala pang pangmatagalang epekto, ngunit ito ay patuloy na pinag-aaralan at sinusubaybayan.

Katha:

Ang bakuna sa COVID-19 ay magbibigay sa akin ng COVID-19

Katotohanan:

Hindi. Ang mga bakuna na inaprubahan sa Canada hanggang sa ngayon, ay walang laman na virus na magiging sanhi ng COVID-19

Katha:

Ang mga bakuna ay hindi magbibigay ng pangmatagalang proteksyon para sa COVID-19

Katotohanan:

Pinag-aaralan pa sa kasalukuyan. Kung mayroon ng bagong kaalaman, ang pampublikong kalusugan ay ipapaalam sa madla kung ang karagdagang bakuna ay kinakailangan.

Katha:

Ako ay nagkaroon ng COVID-19, hindi ko na kailangan mabakunahan

Katotohanan:

Hindi pa sapat ang kaalaman natin tungkol sa virus na ito; may mga taong nagkaroon ng CoVID 19 ng higit sa isang beses. Kahit ikaw ay nagkaroon ng COVID-19, pinapayuhan pa ring magpabakuna.

Katha:

Hindi na kailangang magsuot ng maskara pagkatapos magpabakuna ng sa COVID-19

Katotohanan:

Ang pag-iingat tulad ng pagsusuot ng maskara at pananatili ng kailangang pisikal na distansya ay kinakailangan pa rin, kahit na ikaw ay nabakunahan. Ang mga opisyal ng Pampublikong Kalusugan ang magsasabi kung ang mga ito ay hindi na kailangan.

Katha:

Ang bakuna sa COVID-19 ay nakapagdudulot ng pagkabaog

Katotohanan:

Walang mga siyentipikong katibayan sa ugnayan ng bakuna sa COVID 19 at sa pagkabaog.

Katha:

Kung mayroon akong dinaranas na kalagayang medikal, hindi ako dapat magpabakuna ng sa COVID-19

Katotohanan:

Mahalagang kausapin ang iyong manggagamot at mapagpayuhan batay sa inyong karamdaman bago magpabakuna sa COVID-19.

Katha:

Maaari akong pumili ng bakunana sa COVID-19 na aking tatanggapin

Katotohanan:

Hindi ka makakapili kung anong bakuna sa COVID-19 ang iyong matatanggap; ito ay base sa kung ano ang mayroon sa oras ng iyong pagbabakuna. Lahat ng bakuna sa COVID-19 na pinagtibay sa Canada hanggang ngayon kabilang ang Pfizer, Moderna, Astrazeneca at Johnson & Johnson/Jansen ay mabisa at mapo-protektahan ka sa malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID 19.

